Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BAHAY PULUNGAN NG BARANGAY POBLACION III NOONG IKA- 08 NG NOBYEMBRE, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | ........................................ | Pang. Punong Bayan |
| | | Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupilan | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ........................................ | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ........................................ | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ........................................ | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 338-T'2000*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 162-T'2000/KAUTUSAN SA LAANG GUGULIN BLG. 02-T'2000 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG PAGSAWITAN NA NAGPAPATIBAY SA KARAGDAGANG BADYET NG NABANGGIT NA BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG LABING ANIM NA LIBO PITONG DAANG PISO (P16,700.00) MULA SA SOCIAL REFORM AGENDA FOR EDUCATION AND TRAINING NG 20% DEVELOPMENT FUND UPANG ILAAN SA PAGSASAAYOS NG DAANG BARANGAY SA SITIO PAG-ASA AT PAGKO-KONKRETO NG PATHWAY SA SITIO BAGONG ANYO NG NABANGGIT PA RING BARANGAY.*

*SAPAGKA'T,* iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 162-T'2000/ Kautusan sa Paglalaan Blg. 02-T'2000 ng Sangguniang Barangay ng Pagsawitan na naglalayong makapagpatibay ng ikaragdagang badyet ng nabanggit na barangay ayon sa isinasaad sa itaas nito;

*SAPAGKA'T,* ang naturang kapasiyahan ay dumaan sa pagsusuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Florencio C. Odejar at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 162-T'2000/Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 02-T'2000 ng Sangguniang Barangay ng Pagsawitan na nagpapatibay sa Karagdagang badyet ng nabanggit na barangay na nagkakahalaga ng P16,7000.00 mula sa Social Reform Agenda for Education and Training ng 20% Development fund upang ilaan sa pagsasaayos ng daang baragnay sa Sitio Pag-asa at pagko-konkreto ng pathway sa Sitio Bagong Anyo ng nabanggit pa ring barangay.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Barangay Pagsawitan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan